

Panatilihin ang Iyong Medi-Cal

Nagaganap ngayon ang mga pag-renew ng Medi-Cal.

Magkakaiba ang petsa ng pag-renew ng bawat isa. Tiyaking pananatilihin mo ang iyong saklaw ng Medi-Cal! Sinasaklaw ng Medi-Cal ang mahahalagang serbisyo na tumutulong sa iyo at sa pamilya mo na manatiling malusog. Hindi itinuturing na public charge ang paggamit ng Medi-Cal at hindi nito naaapektuhan ang status ng pagiging imigrante.



I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan

May paparating na mahalagang impormasyon sa pag-renew ng Medi-Cal. Kung nagbago ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mag-log in sa iyong **BenefitsCal.com** account ngayon para i-update ito. Sa ganoong paraan, magagawa ng iyong lokal na opisina ng Medi-Cal na makipag-ugnayan sa iyo para sa mahalagang update. Ang pinakamabilis na paraan upang tingnan at i-update ang iyong impormasyon ay sa pamamagitan ng pag-log in sa online account mo sa pamamagitan ng **BenefitsCal.com**.



Tingnan ang iyong koreo

Makikipag-ugnayan sa iyo ang Department of Public Social Services (DPSS) ng Los Angeles County dalawang buwan bago ang takdang panahon ng iyong pag-renew. Makatanggap ka ng liham sa koreo na ipapaalam sa iyo ang iyong buwan ng pag-renew at maaari mong tingnan ang iyong buwan ng pag-renew sa iyong online **BenefitsCal.com** account. May ilang taong awtomatikong mare-renew. Ang iba ay kakailanganing magbigay ng karagdagang impormasyon. Kung makatanggap ka ng form ng pag-renew, dapat mo itong kumpletuhin. Kung hindi, mawawala mo ang iyong saklaw ng Medi-Cal!



Gumawa ng o tingnan ang iyong BenefitsCal online account

Maaari kang mag-sign up para makatanggap ng mga alerto tungkol sa kaso mo at ang pinakamabilis na paraan upang makumpleto ang iyong pag-renew ay online sa pamamagitan ng **BenefitsCal.com**. Gumawa ng o mag-log in sa iyong BenefitsCal account upang makuha ang mga alertong ito, at magsumite ng mga pag-renew o hiniling na impormasyon.



Kumpletuhin ang iyong form ng pag-renew (kung makakakuha ka nito)

Kung makatanggap ka ng form ng pag-renew, kumpletuhin ang pag-renew mo bago sumapit ang takdang petsang nakasaad sa form. Matatapos ang iyong saklaw ng Medi-Cal kung hindi mo isusumite ang iyong form ng pag-renew o kung may kulang kang patunay ng mga bagay-bagay tulad ng kita na hiniling ng county na ipadala mo. Ang pinakamadaling paraan para kumpletuhin ang iyong form ay online sa pamamagitan ng **BenefitsCal.com**. Kung wala kang account, maaari mo ring ibigay ang iyong impormasyon sa pag-renew sa pamamagitan ng koreo, sa iyong lokal na opisina ng Department of Public Social Services (DPSS) ng Los Angeles County, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.866.613.3777** (TTY) **1.800.660.4026**.



L.A. Care
HEALTH PLAN®